*<<LENDER LOGO>>*

# Mga Madalas Itanong para sa Mga Nangungutang tungkol sa Mga Pagsasalin sa Dokumento ng Pangangasiwa sa Pautang na Mortgage

## Ibibigay ba sa Ingles ang aking pautang na mortgage?

Oo. Matatanggap ninyo sa Ingles ang lahat ng impormasyon at sulat tungkol sa pangangasiwa sa inyong pautang na mortgage. Kabilang sa pangangasiwa ang mga bagay gaya ng

- pagpoproseso sa inyong mga bayad,
- pangangasiwa sa inyong escrow account, at
- pamamahala sa inyong pautang sa pangkalahatan.

## Paano ko matitiyak na nauunawaan ko ang pangangasiwa sa aking pautang?

Mayroon dapat kayong kasamang mapagkakatiwalaan na matatas sa Ingles para samahan kayong basahin ang lahat ng dokumentong nauugnay sa pautang. Puwede rin kayong makipag-ugnayan sa Tagapayo sa Pabahay na Aprubado ng HUD para matulungan kayong maunawaan ang mga isyu tungkol sa pangangasiwa sa inyong pautang na mortgage. Makikita ninyo ang mga tagubilin sa kung paano humanap ng multi-lingual na tagapayo sa dulo ng abisong ito. [Magtanong sa amin tungkol sa mga serbisyo namin sa pagsasalin.]

## Nagbibigay ba kayo ng mga pagsasalin mula sa wikang Ingles para sa mga dokumento ng pangangasiwa?

Oo. Magbibigay kami ng mga bersyon ng ilang dokumento ng pangangasiwa sa ilang partikular na wika maliban sa Ingles para tulungan kayo sa impormasyon. Ang ilan sa mga dokumentong maaaring available sa iba't ibang wika ay:

1. mga form na ginagamit para sa regular na pangangasiwa sa inyong pautang,
2. mga abiso tungkol sa pangangasiwa kung ililipat ang inyong pautang,
3. mga form na ginagamit kapag lang delingkwente ang inyong pautang, at
4. mga form na ginagamit kapag nabago ang mga tuntunin ng inyong pautang.

## Mangingibabaw ba ang mga dokumentong wala sa Ingles sa mga dokumentong nasa Ingles?

Hindi. Ang mga opisyal na dokumento sa pangangasiwang matatanggap ninyo ay nasa wikang Ingles. Ang alinmang pagsasalin sa ibang wika mula sa Ingles ay ginagamit lang bilang sanggunian at hindi maaaring maglaman ng mga partikular na impormasyon tungkol sa inyong pautang. Kung kailangan ninyong lumagda ng anumang opisyal na dokumento habang nasa ilalim ng pautang na ito, nasa Ingles ang mga dokumentong lalagdaan ninyo.

## Paano ako makakahanap ng Tagapayo sa Pabahay na Aprubado ng HUD na nakakapagsalita ng aking wika?

Makakakita kayo ng listahan ng Mga Tagapayo sa Pabahay na Aprubado ng HUD sa inyong estado sa http://www.hud.gov/offices/hsg/sfh/hcc/hcs.cfm

Sa mapa, mag-click sa inyong estado, at lalabas ang isang listahan ng mga tagapayo sa pabahay na aprubado ng HUD sa inyong estado. Ang mga wika ng mga tagapayo sa pabahay ay nasa kanang bahagi ng chart. Malilimitahan ninyo ang inyong paghahanap sa mga tagapayo sa pabahay sa inyong lugar na nagsasalita ng isang partikular na wika sa pamamagitan ng pag-click sa pariralang "Click here to narrow your search" sa itaas ng mapa.

Puwede rin ninyong tawagan ang HUD sa 800-569-4287 para sa tulong sa paghahanap ng tagapayo.

**Ang higit pang impormasyon tungkol sa tulong para sa inyong mortgage ay mahahanap sa website ng Consumer Financial Protection Bureau (CFPB):**

- Spanish (Español): http://www.consumerfinance.gov/es/
- Chinese (中文): https://www.consumerfinance.gov/language/zh/

*<<LENDER LOGO>>*

- Vietnamese (Tiếng Việt): https://www.consumerfinance.gov/language/vi/
- Korean (한국어): https://www.consumerfinance.gov/language/ko/
- Tagalog (Filipino): https://www.consumerfinance.gov/language/tl/
- Russian (Русский): https://www.consumerfinance.gov/language/ru/
- Arabic (العربية): https://www.consumerfinance.gov/language/ar/
- Haitian Creole (Kreyòl Ayisyen): https://www.consumerfinance.gov/language/ht/